

Chapter One



Binabagabag ang loob ni Hector de Villa dahil sa nangyari kagabi sa housewarming party niya. Bigla kasing umalis si Heather na tila ba masama ang loob sa mga kaibigan nila at hanggang ngayon ay hindi pa rin niya ito nakakausap tungkol doon.

Malapit niyang kaibigan ang dalaga. Lagpas isang dekada na nga ang pagkakaibigan nila. Hindi talaga siya mapapalagay hangga't hindi niya nasisigurong okay ito.

Isang napakalakas na tili ang bumungad sa kanya nang nandoon na siya sa tapat ng pinto ng bahay ng dalaga kaya agad siyang kumatok nang malakas doon. Kinabahan siya, baka kung ano

na ang nangyayari sa loob kaya may sumisigaw. Ngunit isang masayang mukha ng bubwit ang bumungad sa kanya.

“Sino’ng tumitili kanina?” kunot-noong tanong niya rito.

Samantala, kung gaano kahalata sa mukha niya ang pag-init ng ulo ay tila balewala lang naman iyon kay Christina Lujan, ang nakababatang kapatid ni Heather na tinukoy niyang bubwit. Ito ang nagbukas ng pinto. Nakapamaywang pa itong sumagot sa kanya.

“Ako, bakit? May problema ka?” Ang kaninang puno ng kasiyahan mukha nito ay napalitan na ng nakataas na kilay at nakaangat na baba na animo naghahamon ito ng away.

“Kaya pala ang ingay-ingay. Kadalaga mong tao, ang gaslaw-gaslaw mo pa ring kumilos.” Nilampasan na niya ito at dumiretso na siya sa sofa kung saan nakaupo si Heather.

“Ano ba kasi’ng pakialam mo, ha? Palibhasa matandang binata ka kaya ang sungit-sungit mo,” wika pa ni Christina na nakasunod na pala sa kanya sa pagpasok sa loob ng bahay ng mga ito.

“Di bale nang matanda basta’t may disposisyon sa buhay.”

“Duh! Like I care.” Kitang-kita pa ni

Hector nang umikot paitaas ang mga mata ni Christina habang sinasabi ang mga salitang iyon. Napabuntong-hininga siya at napailing. Magkakaroon pa yata siya ng alta-presyon nang araw na iyon.

Umiinit talaga ang ulo niya sa bubwit na ito. Dalaga naman na sana ngunit kung kumilos at umakto ay parang labing-apat na taong gulang pa rin. Ang layo-layo lang nito sa ate nito.

Kung sabagay, siyam na taon ang agwat ng magkapatid. Pero kahit na, beinte cuatro años na ito kaya dapat sana ay may hinhin na itong kumilos. Ngunit kung sa itsura naman nito ay hindi mapaghahalataang may pagkabatang-isip ito.

Maayos itong manamit. Kung titingnan nga ay tila ba kay hinhin nito. Mahilig kasing magsuot ng palda o di kaya ay bestida. Katulad na lamang ngayon, nakasuot ito ng spaghetti-strapped na bestidang abot hanggang tuhod nito. Itim iyon na may flower prints na dilaw na nagpatingkad sa balat nitong may kaputian. Tulad ni Heather, biniyayaan din ito sa pangangatawan at kinis ng balat.

Mapupungay ang mata ni Christina kahit medyo singkit iyon. Ngunit miminsan lamang

niya nakikita ang mapupungay nitong mata dahil kadalasan ay nanlilisik iyon kapag siya ang kaharap o kausap. Kung di naman ay umiikot paitaas kagaya na lamang ngayon na nagmamaldita ito sa kanya.

Ang ilong ni Christina ay hindi rin gaanong matangos, ngunit cute pa ring tingnan. Maliit at mamula-mula ang mga labi nito na animo ba laging nakatikom.

Okay na sana sa pisikal na anyo, kaso kung makakausap na ito at makakasama ng kahit ilang minuto lang ay lumalabas ang ugali nitong sobrang kulit, alaskador at ubod ng pagkapilosopa na ewan niya kung sa kanya lang ba o ganoon din ito sa ibang tao.

Pero bakit ba niya pinagkakaabalang isipin ang bubwit na ito? Napailing na lang si Hector. Agad niyang binalingan si Heather.

“Heath, kumusta? Ba’t ka nag-walk out kagabi?”

“Hotcake, please. Huwag na nating pag-usapan iyon. Iinit lang ulit ang ulo ko. Ba’t ka ba naparito?” ‘Hotcake’ ang nakasanayan nitong itawag sa kanya. Sa hotcake kasi nagsimula ang pagkakaibigan nila. Kadalasan nga, ipinagkakamali iyon ng mga tao sa paligid nila

na tawagan nila bilang mag-*dyowa*.

Anong kadalasan? Ang sabihin mo, all the time.
hirit ng bahaging iyon ng isip niya na binalewala lang niya.

When it comes to topics about love and relationship, he usually just shrugged them off. Wala siyang oras para sa mga bagay na iyon. He's too busy working and doing so many things that he had no time left for love. Actually, Hector thought he was better off alone. Masaya naman siya kahit wala siyang karelasyon.

"I just wanted to check on you. You seemed upset last night," sagot niya sa kausap.

"Alam mo ikaw, Hector boy, kung pakikingan kita ay para bang may gusto ka sa ate ko. Pero sa tagal n'yo nang magkaibigan, wala namang nangyayari sa inyong dalawa. Tapatin mo nga ako, may gusto ka ba talaga sa ate ko o wala?" Boses ng makulit na si Christina ang pumukaw sa lumulutang niyang diwa. Kung hindi 'Hector boy' ay 'gurang' o 'tanda' ang kadalasang tawag nito sa kanya na nakasanayan na rin niya. Samantalang siya ay 'bubwit' naman ang tawag dito.

"Tin!" saway ni Heather sa kapatid nito.

Binalingan niya ang bubwit bago nagsalita, "Your sister and I are close friends. Hindi

porque't close ang isang lalaki't babae ay nagkakagustuhan na agad. Palibhasa ang dumi niyang pag-iisip mo," animo nagpapaliwanag sa isang bata na turan niya.

"Hindi marumi ang pag-iisip ko. I'm just concerned for my sister. Lapit ka kasi nang lapit sa kanya 'tapos wala ka naman palang gusto sa kanya. Hindi tuloy siya malapitan ng ibang lalaki sa pag-aakalang mag-*dyowa* kayo."

"Tin, enough! Pumasok ka na nga sa kuwarto mo."

Hindi muna agad sinunod ni Christina ang sinabi ng kapatid nito at tumingin lang dito. Pero nang marahil ay nakita nito sa mga mata ni Heather na hindi na gusto ng huli ang mga pinagsasabi nito ay saka lamang umalis.

"Am I really causing such trouble?" mayamaya ay nag-aalalang tanong ni Hector sa kaibigan.

"Huwag mo nang pagpapansinin 'yong mga pinagsasabi ni Tin. Ang mabuti pa, ilibre mo na lang ako at nababagot na ako dito sa bahay."

Pumayag agad siya sa paanyaya ni Heather. Masyado siyang naging busy lately sa paglilipat-bahay niya kaya gusto rin niyang mag-relax muna.

Nitong huli ay lumipat siya ng tirahan. Ang

liit kasi ng dating nirentahan niya. At bilang real estate agent ay importante ring maayos ang tirahan nila at nang maging mas kapani-paniwala naman sila sa paningin ng mga tao. It sounded shallow, but that's life. That's reality. Kaya nga isa rin sa qualifications sa trabahong iyon ang pleasing personality. Kasali na rin doon ang pleasing wheels and humble abode.

Namasyal sila sa mall. Sinamahan na rin niya ang dalaga sa isang branch ng KTV bar nito. Wala naman siyang gagawin sa araw na iyon kaya inilaan niya talaga iyon upang bumawi sa kaibigan sa nangyari kagabi sa housewarming party niya. Nang gumabi na ay inihatid na rin niya ito pauwi.

Nang maayos na niyang nai-park ang sasakyan ay sinundan na ni Hector ang dalaga na nauna nang bumaba ng sasakyan niya. Nagtatakang sinundan niya ng tingin ang tinitingnan nito sa unahan nila na walang iba kundi ang kapatid niyang si Carlos. Kasama nito si Christina.

“Carlos! Ano’ng ginagawa mo rito?” tawag niya sa kapatid. Sabay namang napatingin sa kanila sina Carlos at Christina. Samantala, hinawakan ni Hector sa braso si Heather at

iginiya ito palapit sa dalawa. Mukhang ayaw kasing kumilos ng dalaga na ikinapagtaka niya.

“I just brought Tin home. Medyo late na kasi nang matapos kami sa pagdi-discuss ng mga gagawin namin for our project.”

“Project?” ulit ni Hector.

“Yeah. Tin here is my newly-hired cartoonist para doon sa bago kong project.”

“Oh, I see.” Napatango-tango pa siya saka binalingan si Christina. “So, isa ka palang cartoonist.”

“Yup. Paano pala kayong nagkakilala ni Carlos?” tila nagugulumihanang wika nito.

“Well, Carlos here is my younger brother,” imporma niya.

Napatanga si Christina sa sinabi niya at mayamaya ay napatango-tango. “Kaya pala parang familiar ’tong si Carlos sa ’kin. Iyon pala ay dahil sa magkamukha kayo. Mas guwapo nga lang siya sa ’yo,” anito.

Parang gusto tuloy umapila ng ego ni Hector sa sinabi ng bubwit. Ngunit hindi naman nakaligtas sa pandinig niya ang sinabi nitong mas guwapo si Carlos sa kanya, na ang ibig sabihin ay naguwapuhan din ito sa kanya.

Teka, ano naman ngayon kung ganoon nga?

naisalob na hindi na niya nasagot pa.

“Teka, kung magkapatid kayo ay bakit ngayon ko lang nakita ’tong si Carlos? Isang dekada na kayong magkaibigan ni Ate kaya bakit ngayon lang sumulpot sa eksena ’tong utol mo?” nagugulumihanang tanong ni Christina mayamaya.

“Half-brother ko si Carlos sa ama. Lumaki siya sa nanay niya kaya hindi mo talaga siya makikilala. Bihira kaming magkasama kahit nitong nagkaedad na kami dahil masyado kaming magkaiba. I’m outgoing whereas he likes to stay in his pad, simula n’ong bumukod siya na nanay niya.”

Napatango-tango ulit ito kapagkuwan.

“Ba’t nga pala kayo nandito ni Heather?” sabat ni Carlos.

“Oh, magkakilala na pala kayo ni Ate Heather. Kapatid ko siya, Carlos,” sagot ni Christina rito.

Samantala, napansin ni Hector na animo tuod si Heather na nakikinig lang sa usapan nila. Sa susunod ay uusisain na talaga niya ang kaibigan kung ano ang gumugulo sa isip nito. Para kasi itong wala sa sarili nitong nakaraan.

Si Carlos naman ang napatango-tango. “That’s why you looked familiar...” wika nito

kay Christina kahit nakatingin ito kay Heather. Ikinakunot iyon ng noo niya. Was something going on between the two? Pareho kasing may kakaiba sa ikinikilos ng mga ito.

“Since it’s a small world, why don’t we go inside and celebrate it with a cup of coffee? Di ba, Ate?” Nakuha na naman ng bubwit ang kanyang atensyon. Kahit kailan ay hindi pa ito nabigo sa pagkuha ng pansin niya. Palaging kapag ito na ang nagsalita o gumawa ng eksena ay talagang napapalingson siya o natatauhan mula sa naglalakbay niyang diwa.

Ang ingay-ingay kasi, sa loob-loob niya.

Bago pa man makasagot si Heather ay inunahan na niya ito. “Are you sure you’re inviting us over? Bakit, marunong ka bang magtimpla ng kape? Baka naman drawing lang ng kape ang kaya mong ibigay sa ’min,” tukso niya kay Christina.

“Excuse me?” Tinaasan siya nito ng kilay. “Tingnan lang natin kung hindi mo makalimutan ang edad mo pagkatapos mong matikman ang kape ko,” hamon pa nito sa kanya. Sabay-sabay na silang pumasok sa bahay ng mga ito.

Nagpapahinga na marahil ang mga magulang ng dalawang babae kaya sila-sila na lamang ang

nasa sala. Magkatabi sina Hector at Heather sa isang sofa habang nasa tapat nila si Carlos. Si Christina ay nasa kusina at ipinaghahanda sila ng kape na nasisiguro na niyang kung hindi man sobrang pait ay sobrang tamis o hindi kaya ay malabnaw. Napapangiti na si Hector sa isipin pa lamang na iyon. Ngayon pa lang ay nag-iisip na siya ng mga salitang pambuwisit sa bubwit mamaya kapag natikman na niya ang itinimpla nitong kape.

Ilang sandali lang ay pabalik na sa sala ang dalaga. Dala nito ang isang tray na may lamang apat na tasa ng kape.

“Here’s your hot coffee served with love!” hirit ni Christina pagkalapag nito ng unang tasa ng kape sa tapat ni Carlos na ikinakunot ng noo niya. Diyata’t nilalandi pa nito ang kapatid niya! Sa isiping iyon ay tila uminit ang ulo niya. Samantala, isang napakatamis na ngiti at pasasalamat mula sa kapatid niya ang natanggap nito.

Bakit ka kasi nakikialam, Hector? Nasa tamang edad na ang mga iyan kung sakali mang landiin nila ang isa’t isa, wika pa ng isang bahagi ng isip niya.

Si Carlos, oo, pero iyang bubwit na iyan, menor de edad pa iyan, sagot ng pasaway na sarili niya.

Anong menor de edad? Beinte-cuatro, menor de edad? pakikipag-argumento pa ng bahaging iyon ng isip niya na hindi naman niya inatrasan.

Ang beinte-cuatro, oo, hindi na menor de edad, pero ang kilos at ugali, menor na menor pa. Napangiti na lang siya sa naisip.

“Heto ang sa inyo,” baling ni Christina sa kanila ni Heather.

“Baka naman served with poison ’tong sa ’min,” buska niya rito.

“Iyang sa ’yo, oo. Safe ’yong kay Ate,” pakikisakay ni Christina sa pambubuska niya rito sa tonong tila normal lang ang pag-uusap nilang iyon.

“Tin, ayusin mo nga iyang pakikiharap mo kay Hotcake,” saway ni Heather sa kapatid nito. Umikot lang ang mga mata ng huli.

“One, two, three,” mayamaya ay pagbibilang ni Christina pagkatapos nilang humigop ng kape, na ikinapagtaka niya. “O, ano? Hindi ka pa naman bumubulagta kaya nakasisiguro ka nang walang lason iyan,” tudyo nito sa kanya na ikinataas lang ng kilay niya.

“Now I wonder why you didn’t poison me. Baka naman sa totoo lang pala ay may lihim kang pagtingin sa ’king bubwit ka,” balik-buska niya

rito na ikinapamula ng mukha nito. Tuwang-tuwa tuloy siyang titigan ito. Mabuti't marunong rin palang mahiya ang bubwit. Akala kasi niya ay pulos pang-aalaska at paghahamon ng away lang ang alam nito.

“Hoy, ang kapal ng mukha mong matanda ka, ha! Kung may magugustuhan lang din naman ako, si Carlos 'yon, 'no! Mabait na, bata pa. Hindi kagaya mo, gurang!” hiyaw pa nito sa kanya habang pulang-pula pa rin ang mukha.

Pinagtawanan lang ito ni Hector. “Hindi ka magugustuhan ng kapatid ko. Mas gugustuhin pa siguro niya si Heather kesa sa 'yo.”

“What's not to like in Tin naman, Kuya? She's talented and fun to talk to. Magkapareho pa kami ng gusto. At higit sa lahat, masarap siyang magtimpla ng kape,” sagot ni Carlos na ikinainit na naman ng ulo niya. Tila pumait pa tuloy ang lasa ng kapeng iniinom niya.

Actually, malabnaw. Hmm... No, it's too sweet. parang nababaliw na pakikipag-argumento niya sa sarili na lalo lang niyang ikinainis.

“It's getting late. Umuwi na tayo, Carlos, at nang makapagpahinga na rin sila,” biglang sabi ni Hector pagkaraan. Nawala na kasi siya sa mood.

Sumang-ayon ang kapatid niyang tila wala na rin sa mood na hindi naman niya malaman kung bakit. Samantala, inihatid na sila ng magkapatid sa pinto.

“Carlos, sa susunod na lang ulit kita ipagtitimpla ng kape, ha? Hindi mo pa naman naubos ang kape mo. Nagmamadali kasi ’tong isang gurang dito, eh,” paliwanag ni Christina na ikinakunot lalo ng noo niya.

“Ikaw, bubwit, matuto kang rumespeto sa nakatatanda sa ’yo. Tandaan mo, magkaedad lang kami ng ate mo. Ganyan ka ba sa kanya, ha?” asik niya rito bago lumabas ng pinto.

“Aba, syempre hindi! Kapatid ko siya, eh. Ikaw, boyfriend wannabe ka lang naman ni Ate.”

“Tin!” muling saway ni Heather sa kapatid nito. Samantala, pinaningkitan niya ito ng mga mata. “Sige na, uwi na kayo. Ingat na lang kayo sa pagmamaneho,” paalam ng kaibigan niya na sa kanya lang nakatingin. Animo iniawasan nitong bumaling sa kapatid niya.

“Sige. Good night, Heath,” sagot niya rito saka binalingan ulit si Christina na siyang nasa unahan ng kapatid nito na tila ba atat na atat itong magpaalam sa kanila. O kay Carlos? Bago pa man siya makapagsalita ulit ay naunahan na

siya ng taklesang bubwit.

“Good night, Carlos!”

“Good night sa inyo. Salamat sa kape,” sagot ng kapatid niya. Sa init ng ulo ay nauna na siyang maglakad papunta sa sasakyan niya.

“Hector boy!” tawag bigla ni Christina. Napalingingon siya sa gawi ng dalawang babae.. “Good night! Welcome sa masarap kong kape. Nakalimutan mo’ng edad mo, ’no!” ngingisi-ngisi pa nitong saad.

Hindi niya inaasahan ang biglang paglamig ng ulo niya sa kakulitan nitong iyon. Kinulam ba siya nito sa pamamagitan ng kape nito?

Hay, ’tong bubwit na ito talaga oo. Bumuntong-hininga na lamang siya at saka ito sinagot, “Oo na. Beinte-cinco pa lang pala ako. Akala ko beinte-seis na,” biro pa niya. Huli na nang maisip niyang pigilan ang kanyang dila dahil nailabas na niya ang mga salitang iyon.

“Whoa! At nag-jo-joke ka na pala ngayon, ha? Kita mo, nang dahil sa kape ko—”

“Night!” putol ni Hector sa sasabihin pa ng bubwit. Tiyak kasi niyang titirahin na naman siya nito. Mabilis na niyang isinara ang pinto ng sasakyan saka nagmaneho na paalis. Ganoon din ang ginawa ni Carlos.

Nang nasa kanto ng highway na sila ay saka sila nagpaalam sa isa't isa. Magkaiba ang uuwian nila dahil pareho silang nakabukod na sa bahay ng mga magulang nila. Bukod pa roon ay hindi sila magkapatid na buo. Half-brother lang niya ito sa ama.

Chapter Two



Daglipas ng ilang araw, dumaan si Hector sa bahay ni Heather dahil aayain niya sana itong mag-lunch bago ang client meeting niya. Gulat na gulat siya nang biglang bumukas ang pinto ng bahay ng mga ito nang aktong kakatok pa lang siya. Tawang-tawa naman ang ina ng dalaga na siyang nagbukas ng pinto nang makita ang gulat na itsura niya.

Samantala, nakatayo lang siya roon at pinapanood ito habang pinagtatawanan siya. Napakunot-noo pa siya. Parang pamilyar kasi ang pagka-bully ng dating ng tawa ng ginang.

Parang si... now I know... Nagmana pala kay Tita ang bubwit. Napatango-tango siya sa realisasyong

iyon.

“Naku, hijo! Pasensya na, ha? Ako’y natatawa lang talaga sa itsura mo kanina,” tumatawa pa ring sabi ni Mrs. Leonor Lujan sa kanya. “Siyanga pala, ano’t naparito ka?”

“Si Heather po?” magalang niyang sagot.

“Naku, nakaalis na! Pinakiusapan kasi siya ni Christina na dalhin iyong gawa niyang mga drawing sa hulog ng langit niya raw na boss.”

“Hulog ng langit?” kunot-noong ulit niya.

Napangiti ang ginang saka sumagot, “Hay naku! Alam mo naman kung gaano kakulit si Christina. Aba’y may gusto pa yata sa boss niya kaya hulog ng langit ang tawag. Mauunahan pa yata ang ate niyang magka-love life.” Humagikgik pa ito kapagkuwan.

Lalong nadagdagan ang gatla sa noo niya dahil sa narinig. “May gusto si Christina kay Carlos? Sa kapatid ko?”

Tila namutla si Mrs. Lujan sa nalaman nito. “Hindi nga, hijo? Kapatid mo ang boss niya?” Tango lang ang isinagot niya rito. “Naku! Hijo, pagpasensyahan mo na lang si Christina, ha? Pasaway talaga iyang batang iyan. Hayaan mo’t pagsasabihan ko. Kalimutan mo na iyong sinabi ko sa ’yo, ha?”

Kinalma ng binata ang kanyang sarili. Bakit nga kasi uminit ang ulo niya sa nalaman? Ano naman kung may gusto si Christina sa kapatid niya?

Huminga muna siya nang malalim saka sumagot, “Wala naman hong problema doon, Tita. Anyway, may lakad po ba kayo? Nakabihis po kasi kayo.”

“Ay, oo. Tinatamad nga akong lumabas, eh. Ang gusto ko sana ay tumambay na lamang maghapon sa kama katabi ang Tito Ador mo.” Nahagip pa niya ang kapilyahan sa mga mata nito.

Isa ang mga ito sa dahilan kung bakit kahit hindi siya naniniwalang kailangan ng karelasyon upang sumaya sa buhay ay may iilang pagkakataon na pinagdududahan niya ang paniniwala niyang iyon. Iba kasi ang saya sa mga mata ng mga magulang nina Heather at Christina. Hanggang ngayon, kahit may-edad na ay malambing pa rin ng mga ito sa isa’t isa.

“Kaya lang ay umuungot kasi ng beef wonton noodle soup ng *Mandarin* si Christina. Nilalagnat kasi,” dagdag nito.

Agad na nag-alala si Hector para sa dalaga. Kung hindi nga lang nakakahiya ay gusto niya

sana itong makita at kumustahin nang personal kaya lang ay baka magtaka ang ginang. Alam kasi nito na animo aso't pusa sila ni Christina kung mag-away.

“Ganoon po ba? Kumusta naman po ang pakiramdam niya ngayon?”

“Hindi naman ganoon kataas ang lagnat niya, hijo, kaya huwag kang mag-alala. Ayun at pinagpahinga na muna namin sa kuwarto niya.”

Napatango-tango siya. “Kung gusto n’yo ho ay ako na ho ang bibili ng noodle soup niya sa *Mandarin*. Tinatamad ho kayong lumabas, di ba?”

“Naku! Nakakahiya sa ’yo, hijo. Hindi na bale, may malapit namang *Mandarin* dito, eh.”

“Huwag na ho kayong mahiya. May dala ho akong sasakyan kaya mas madali ho kung ako na lang ang bibili.”

“Aba’y mukhang may lakad ka pa, eh. Naka-long sleeves ka, o.” Inayos pa nito ang kuwelyo ng shirt niya, pero halata namang tinutudyo lang nito ang suot niya. Ikinatawa na lamang niya iyon. Walang duda, manang-mana nga si Christina sa kakulitan ng ginang at pagkaalaskador.

“Alas onse pa lang naman po. Mamayang ala una pa po ang meeting ko sa isang kliyente kaya okay lang.”

“Ganoon ba, hijo? O, siya, sige. Maraming salamat, ha? Heto ang pera at—”

Agad niyang inagapan ang kamay nitong may hawak na pera. “Tita, ako na po. Maliit na bagay lang po ito. Sige po, lalakad na ako.” Tumalikod na agad siya at naglakad papunta sa sasakyan niya upang hindi na nito ipagpumilit pa ang pera.

Nang makarating ng *Mandarin Restaurant* si Hector ay agad siyang umorder ng mga pagkain. Naisipan niyang damihan na ang oorderin at doon na lamang din siya manananghalian sa bahay ng mga Lujan.

Kahit wala naman doon si Heather? awat ng isang bahagi ng isip niya.

Maano ba kung wala siya roon? Nandoon naman sina Tita at Tito, balik niya.

At si Christina? hirit ng kabilang bahagi ng isip niya.

Oo! Ang may-sakit na bubwit na iyon! animo naiinis na pag-amin niya sa sarili. Bakit nga ba kasi gustong-gusto niyang makita ang kapatid ni Heather? Hindi na niya nagawang pag-isipan pa ang sagot sa tanong na iyon dahil kinuha na ng waiter ng restaurant ang order niya.

Ilang sandali pa at pabalik na siya sa bahay ng pamilya Lujan. Pagkababa niya ng sasakyan

ay napansin na agad niyang bukas na ang pinto ng bahay ng mga ito. Pagpasok niya ay muntikan pa niyang mabitawan ang mga dalang pagkain sa sobrang gulat nang biglang umahon ang kumot mula sa sofa.

At ang nakatalukbong sa kumot na iyon ay walang iba kundi ang makulit na bubwit na ngayon ay tawa nang tawa. Napapailing na lamang siya habang inaalala ang nangyari kanina nang ang ina naman nito ang nagtatawa sa kanya.

“Mag-ina nga kayo,” aniya sa kausap.

“Susme! Mawawala na yata ang lagnat ko ng dahil sa 'yo, eh. Kaya lang, iyong tiyan ko naman ang sasakit sa katatawa dahil diyan sa pagkamagugulatin mo.” Tumatawa na naman ito habang hawak ang tiyan. Iniwan na niya ito sa sala at dumiretso na siya sa kusina ng mga ito. Ilang sandali pa at nakasunod na roon si Christina.

“O, tapos ka na bang tumawa?” pasarkastiko niyang baling dito.

“Eh, sa nakakatawa talaga iyong itsura mo. Hayaan mo, sa susunod ivi-video kita para makita mo rin ang itsura mo kapag nagugulat. Maiintindihan mo rin kami ni Mama kung bakit grabe kami tumawa, promise!” Itinaas pa nito ang

kanang kamay habang may nakakaloko pa ring ngiti sa mga labi nito. Aktong liligpitin niya ang mga inihandang pagkain sa mesa, ngunit maagap naman siyang pinigilan nito.

“Uy, teka lang, napakamatampuhin mo naman. Di ka na mabiro, eh. Akin na iyang wonton noodle soup ko!” Mabilis nitong naagaw sa kamay niya ang tinutukoy nitong pagkain. Ilang sandali pa at nakaupo na ito roon at nagsimula nang lantakan ang wonton noodle soup nito matapos umusal ng mabilis na dasal.

“Hindi ka lang pala magaslaw, makulit, at walang disposisyon sa buhay, ang takaw-takaw mo pa. Di mo man lang ba tatawagin muna sina Tito at Tita para kumain?”

“Busy ang mga iyon.” Sinipsip muna nito ang noodles saka itinuloy ang sinasabi, “Mamaya pa sila bababa.” Tumango na lang siya sa sinabi nito.

Kapagkuwan ay nagkusa na rin si Hector na kumuha ng upuan niya, plato, at kutsara. Maglalagay na sana siya ng pagkain sa plato niya nang muling magsalita si Christina.

“Ano iyang ginagawa mo?”

Napakunot-noo siya sa tanong nito. “Kukuha ng pagkain,” aniya, sabay tingin sa hawak niyang plato at kutsara na pasalok na sana sa pansit na

inorder niya.

“Sino’ng may sabing p’wede mong kainin iyang mga pinabili ni Mama sa ’yo, ha? Bakit, may ambag ka ba sa mga iyan? Baka akala mo, pera ko ang ibinigay ni Mama sa ’yo para bumili ng pagkain, ’oy! Pera ko.” Itinuro pa nito ang sarili upang bigyang-diin ang sinasabi nito. “At saka wonton noodle soup lang ang ipinapabili ko kay Mama, ah! Bakit ang dami-dami mong pinamili? Talagang inubos mo pa ang pera ko, ha!”

Ilang gatong na lang at manggagalaiti na ito sa inis sa kanya na wala namang basehan. Hindi talaga makapaniwala ang binata sa pag-uugali ng bubwit na ito. Hindi man lang ba ito naturuan ng good manners and right conduct sa eskuwela?

Panigurado, absent siya noong mga araw na itinuturo iyon, anang isip niya.

“Pera mo na hindi ko naman tinanggap at maaaring nandoon pa rin kay Tita ngayon. Gusto mo bang ako na rin ang humingi n’on sa kanya ngayon din? Nang maibalik na namin agad sa ’yo at nang hindi ka na manggalaiti diyan sa inis,” sarkastikong banat niya.

Samantala, para naman itong tanga na nakanganga habang punong-puno ng pagkain ang magkabilang pisngi nito. Ilang sandali pa at

nabulunan na ito. Napapikit siya sa frustration, pero agad niya itong nilapitan upang himas-himasin ang likod nito.

“Uminom ka nga ng tubig!” utos niya nang hindi pa rin ito tumitigil sa pag-ubo, ngunit hindi man lang nito naisipang uminom ng tubig. Wala ba talaga itong muwang sa buhay? Tila sumakit tuloy ang ulo niya dahil dito.

“Wag mo nga akong sinisigawan!” hiyaw ng kausap nang mahimasmasan na ito.

“You’re welcome,” sarkastikong sagot niya, sabay balik sa inuupuan niya kanina. “O, ano, p’wede na ba akong kumain ngayon?” sarkastiko pa ring paghingi niya ng pahintulot dito na ikinapula ng mga tainga nito. He found that cute, though. *Hay, nakakabaliw ka talagang bubwit ka.* aniya sa sarili.

“Sorry na. Akala ko kasi talaga pera ko iyong ginamit mong pambili ng mga ’to, eh. Alam mo namang kasisimula ko pa lang sa unang project ko kaya di ako p’wedeng basta-basta na lamang gumastos,” nanunulis ang ngusong saad nito.

“Sa wakas at may narinig din akong maturity mula sa ’yo. Akala ko’y aabutin pa ako ng pagiging senior citizen saka ko maririnig iyang mga ganyang bagay sa ’yo,” tudyo niya.

Tila proud na proud ang dalaga kaya itinaas pa talaga nito ang noo at idineretso ang likod saka nagsalitang muli. “Sinasabi ko naman kasi sa ’yo, eh. I’m a grown-up, you know. Wala ka lang talagang bilib sa ’kin, eh.”

Nginitian na lang ito ni Hector. “Ba’t nga pala lumabas ka ng kuwarto mo? Di ba’t pinagpapahinga ka raw nina Tita?”

“Eh, hindi kasi ako makapaniwala nang sinabi ni Mama na pumunta ka raw at nagkusang bumili ng wonton noodle soup ko kaya bumaba ako para salubungin ka. Gusto ko lang makasiguro,” paliwanag nito at pagkaraan ay tinitigan siya.

“Teka... Bakit nga pala nagkusa kang ipagbili ako ng pagkain, ha?” Ilang sandali itong nanahimik habang pasingkit nang pasingkit ang mga mata nitong nakatitig sa kanya. “Sinasabi ko na nga ba, eh!” Pumitik pa ito sa ere kapagkuwan.

Samantala, nakataas lang ang kilay niya habang hinihintay ang kung ano na namang kapilyahan ang lalabas sa bibig nito.

“Ikaw na matanda ka, umamin ka nga. May gusto ka sa ’kin, ’no!”

Matatawa na sana si Hector sa kalokohang ipinagbibintang nito, pero tila sumakit ang tainga niya dahil sa itinawag nito sa kanya.

Chapter Three



“I came here to invite your ate for lunch. Kaya lang ay umalis na raw siya dahil inutusan mo.” Tila nabawasan ang kasiglahan sa mukha ni Christina sa sinabi niyang iyon.

“Pinakiusapan, hindi inutusan. Magkaiba ang mga iyon,” sagot nito na ipinagkibit-balikat lang niya.

Pagkaraan ay nanaig na ang katahimikan sa pagitan nila. Sa wakas ay malaya na siyang nakakain nang maayos. Ngunit nang ilang sandali pa at hindi pa rin nagsasalita at nangungulit ang babae ay nagtaka na siya. Nag-angat siya ng tingin dito at naabutan niya itong tila nilalaro na lamang ng tinidor ang noodles ng sabaw nito.

“Hindi ako sanay na tahimik ka. Nahihilo ka ba? Masakit ba’ng ulo mo? Kung pumasok ka na kaya ulit sa kuwarto mo’t magpahinga? Nakakain ka naman na—”

“Wala ka ba talagang gusto kay Ate?” putol nito sa sinasabi niya.

Napakamot sa ulo si Hector dahil sa tanong nito. “Ayan na naman tayo sa topic na iyan. Ilang beses ko bang uulitin sa ’yo na magkaibigan nga lang talaga kami ng ate mo?”

“Eh, bakit mo siya iimbitahin for lunch?” nanunulis ang ngusong usisa nito.

Nangangati tuloy ang kamay niyang ayusin ang bibig nito. Pumikit muna siya nang mariin saka sumagot dito.

“Because we’re friends. And friends do go out together for lunch or even dinner. Especially if you are really close to each other.”

“Ginagawa mo ba iyan sa lahat ng kaibigan mong babae?”

“To the closest ones, yes. Mas madalas nga lang sa ate mo.”

“Bakit mas madalas kay Ate?” Para itong batang hindi maubusan ng tanong, pero hindi naman niya kinabagutan iyon. Sa hindi niya malamang dahilan ay tila ba nagugustuhan niya

ang pag-uusap nila nang matagal.

“Hmm... Let me see.” Ilang sandali rin nag-isip si Hector saka sumagot, “Dahil siya iyong talagang na-maintain ko ang closeness ko. Iyong iba ko kasing kaibigan ay masyado na ring busy sa trabaho nila o di kaya may pamilya na. Kami ng ate mo, we’re both single and hmm... I don’t know,” kibit-balikat pa niya. “Dahil siguro nagtutugma rin ang schedule namin kaya madalas kaming magkita, and that makes us even closer to each other.”

“But not as much as wanting to be together as boyfriend-girlfriend?”

“No,” mabilis niyang sagot.

Ilang sandali rin siyang tinitigan ng kausap. Walang bahid ng kalokohan ang mukha nito ngayon kaya nanibago siya rito. Sanay kasi siyang makulit ito, hindi ganitong seryosong-seryoso.

“Why not?”

“We don’t love each other that way,” parang walang anumang tugon niya.

“Sigurado ka ba diyan sa sinasabi mo?” Tila hindi pa rin ito naniniwala sa kanya.

“As far as my feelings are concerned, yes.” Tinitigan na rin niya si Christina at tila ito naman ang nailang sa ginawa niya.

“Are you gay?” biglang tanong nito pagkalipas ng ilang sandali.

“Seriously?” natatawang balik niya. Hindi kasi siya makapaniwalang itatanong nito iyon sa kanya.

May mga nagtanong niyon kay Hector at marami ring hindi nga nagtatanong, pero alam niyang pinagdudahan ang seksuwalidad niya. Ngunit hindi niya akalaing pati pala si Christina ay maiisip iyon.

“Sumagot ka na lang kasi,” seryoso pa ring sabi ng dalaga, pero may kaunting hiya na ngayon ang tono. Siguro ay naisip nitong masyado nang sensitibo ang inuusisa sa kanya.

Sumeryoso na rin ulit siya. “No, I’m not.” Muli ay nakatitig ito sa kanya pagkasabi niya niyon. “Are you going to ask me next if I’m sure with my answer?” Tumango ito. Hindi tuloy niya maiwasang mapabuga ng hangin habang napapangiti sa itinatakbo ng usapan nila. “Yes, I’m certain.”

“Eh, bakit wala ka pang girlfriend?”

“Kailangan ba talaga meron?”

“Ang tanda mo na kaya.”

“Not really.”

“Yes, really.” Natawa siya sa tinurang iyon ni

Christina.

“Oh, c’mon. I’m just thirty-four.”

“No, you’re *already* thirty-four,” mariing saad nito.

“What is it with you women? Why are you so anxious about age? Bakit ikaw, wala ka rin namang love life, ah. Supposed to be, marrying age na rin iyang edad na twenty-four sa inyong mga babae, di ba?”

“Huwag mong ilipat sa ’kin ang hot seat. Teka, sino naman ang nagsabi sa ’yong wala akong love life, aber?”

“Bakit, meron ba?”

“Oo kaya!”

“Sino, iyong hulog ng langit mong boss?”

Namula ang mga pisngi ng dalaga sa hiya sa pambubuking niya rito, pero bakit tila hindi niya nagustuhan ang pamumula nito na ang dahilan ay ang kapatid niya?

“Alam mo naman pala, eh!” palaban pa ring turan nito.

“Hindi ka niya magugustuhan.”

Namaywang ito. “Excuse me. Gusto mo bang ipaalala ko sa ’yo iyong sinabi niya tungkol sa ’kin n’ong matikman niya ang kape ko?”

“I know my brother, okay? And I’m telling

you, hindi ikaw ang tipo niya.”

“Talagang wala kang bilib sa ’kin, ah! Ano’ng gusto mo, ha? Pustahan tayo? Sa mauuna akong magka-love life sa ’yong gurang ka,” hamon pa nito na ikinatawa niya.

“Bahala ka diyan sa love life mo, basta ’wag mong pinakikialaman iyong sa ’kin,” anang binata at nang matapos na ang usapan nilang iyon. Hindi na kasi niya nagugustuhan ang takbo niyon.

“Wala naman kasi akong mapapakialaman sa ’yo, ’no!”

“Then just stop sticking your nose about the matters of my life.”

“Ang suplado mo talaga! Sinasabi ko sa ’yo, resulta iyan ng pagiging single mo, eh.”

“Tapusin mo na lang iyang kinakain mo, bubwit.”

Bago sumubo ulit ay may ibinulong pa talaga ito na ikinangiti na lamang niya. “Gurang.”

Pagkatapos nilang kumain ay nagkusa na siyang imisin ang mga pinagkainan nila.

“Naku, hayaan mo na iyan diyan sa lababo. Nakakahiya naman sa ’yo,” pigil ng dalaga sa kanya.

“Himala at nahiya ka sa ’kin,” aniya nang

nakangiti.

“Himala rin at ngumingiti ka nang dahil sa 'kin.”

Pakiramdam tuloy ni Hector ay uminit ang magkabila niyang tainga dahil sa hiya. Para siyang nahuli ng guro na nangongopya.

“Why don't you just go back to your room and take a rest, huh?” baling niya rito. Tatawa-tawa si Christina habang naglalakad na palabas ng kusina. Doon lang siya nakahinga nang maluwas, pero muntik na niyang mabitawan ang hawak na plato nang marinig ang pasigaw nitong pagtawag sa kanya.

“Hector boy!” Agad siyang lumabas ng kusina at pinuntahan ang babae sa kuwarto nito. Naabutan niya itong nakasilip sa labas ng pinto.

“What? Are you okay?” nag-aalalang tanong niya.

Ngumiti ito na nagpakalma sa puso niyang dumoble ang pagtibok sa pag-aalala para rito. “Alam mo, Hector boy, tingin ko mas gusto ko iyang concerned side mo kesa sa pagiging istrikto't palaaway mo sa 'kin.” Hindi agad siya nakasagot sa sinabi nito. “Anyway, thank you for buying me food, okay? Sana maulit pa.” Ngumiti ito nang matamis na hindi niya

mapaniwalaang makikita niya sa mukha nitong parating mapanukso at makulit o di kaya ay mapambuska.

“Ikaw lang naman ang alaskador at pilosopo, bumabawi lamang ako.” Sa wakas ay nahanap na niya ang dila niyang tila naumid. Natawa ito.

“Hayaan mo, susubukan kong maging mas mabait at behaved sa 'yo.” Nag-peace sign pa ito, balik ulit sa pagiging makulit. Napakamot na lang siya sa ulo niya.

“Pumasok ka na nga't magpahinga.”

“Oo na po. Salamat ulit. Ingat ka sa pagmamaneho, tanda!” Iyon lang at pinagsarhan na siya ni Christina ng pinto ng kuwarto nito. Napabuga na lang siya ng hangin habang napapangiti.

Matapos ang pag-iimis sa kusina ng mga ito ay ini-lock na ni Hector ang pinto ng bahay pagkalabas niya. Diretso na siya sa meeting place nila ng kliyente niyang interesadong bumili ng bahay.



Mangilan-ngilan na rin ang natapos ni Christina sa manual na pagdo-drawing ng mga characters at background o environment ng proyektong ginagawa nila ni Carlos na isang

video game para sa kliyente nito nang humingi ng update ang huli sa ginagawa nila. Nais daw nitong makita ang mga gawa niya na nasa computer at iyon ang pinoproblema niya ngayon. Isang simpleng personal computer lang naman kasi ang mayroon siya at kung iyon ang gagamitin niya upang gumawa ng computer animation ay baka abutin siya nang siyam-siyam.

Nasa ganoon siyang sentimyento nang maisipan niyang tawagan ang Ate Heather niya. Baka sakaling may maitulong ito sa kasalukuyang suliranin niya. Ilang ring muna ng cellphone ang lumipas bago may sumagot sa kabilang linya. Hindi pa man nakakapag-‘hello’ ang ate niya ay agad na siyang naglabas ng hinaing dito.

“Ate, may kakilala ka bang may high-end computer? Iyong p’wede kong gamitin for computer animation? S’abi kasi ni Carlos sa ’kin kahapon na humihingi na raw ng sample ng gawa ko iyong kliyente namin. Ang gusto niyon ay iyong nasa computer na dahil nakita naman na niya iyong mga manual drawings ko. Kaya lang paano ko iyon magagawa, eh, personal computer lang ang meron ako? Nahiya naman akong magsabi kay Carlos,” kagat-labing saad niya.

Ilang sandali ring katahimikan ang lumipas

saka may nagsalita sa kabilang linya. “I’ll tell Carlos about your problem then.”

Nagulat ang dalaga sa narinig na boses sa kabilang linya. Kay Hector iyon! Ang ikinapagtataka niya ay kung bakit ito ang may hawak ng cellphone ng kapatid niya sa ganoong oras ng gabi. Mag-a-alas-diez na kasi at hindi pa umuuwi ang Ate Heather niya kaya tinawagan niya na lang ito. Bigla ay kung anu-ano na ang tumakbo sa isip niya.

“Bakit ikaw ang sumagot ng cellphone ni Ate? Nasaan siya?” *At bakit magkasama pa rin kayo?* nais sana niyang idagdag, pero hindi na niya isinatinig iyon.

“So, kilala mo pala ang boses ko sa telepono.” Tila na-imagine na niya ang mapanukso nitong mukha sa tono nitong iyon.

“P’wede ba, sagutin mo na lang ang tanong ko?” pagmamaldita niya na kadalasan niyang ginagawa rito.

“Nasa KTV bar pa kami.”

“Eh, bakit nga kayo magkasama?” Huli na nang mapansin niyang nag-iba ang tono niya dahil napansin na iyon ng binata.

“Teka, bakit ba parang mainit yata ang ulo mo, bubwit? Imposible bang magkasama kami

ng ate mo? Hindi ka pa ba sanay?”

“Sa ganitong dis-oras na ng gabi?”

“Alas diez pa lang, bubwit.”

“Alas diez *na!* Nas’an ba kasi si Ate? Pakausap nga sa kanya!” Hindi niya alam kung bakit, pero dahan-dahang umahon ang inis sa puso niya at ayaw niyang makausap ang binata. Kung dati-rati ay hindi siya nagpapatalo sa pakikipag-argumento rito, ngayon ay ayaw na muna niyang marinig ang boses nito.

“She’s busy.”

Lalong ikinainit ng ulo ng dalaga ang maikling sagot ni Hector. Ano ba kasi ang pinagkakaabalahan nito at hindi man lang makasagot nang maayos?

“She’s busy with what?!” Hindi na talaga niya itinago pa ang pag-alpas ng inis sa boses niya. Bahala na itong mag-isip kung bakit siya nagkakaganoon dahil kahit siya ay hindi rin niya alam ang dahilan.

“Correction. With whom...” May bahid ng kapilyuhan ang boses nito.

Biglang umusok ang tainga ni Christina sa naisip na dahilan ng pagiging busy ng kapatid niya.

Ang hahalay! nandidiring hiyaw niya sa isip.

“P’wede ba? Diretsuhin mo na akong manyak na kurang ka! Ano at sino ang pinagkakaabalahan ni Ate? Ipakausap mo nga ako sa kanya!” nanggagalaiting asik niya kay Hector.

“Whoa! Sa’n naman nanggaling iyong manyak na sinasabi mo, bubwit?”

“S’abi mo busy si Ate, s’abi mo hindi sa kung ano kundi kanino, at hindi ka naman makausap nang maayos. Ang ikli-ikli ng mga sagot mo. Ano naman sa tingin mo ang iisipin kong pinagkakaabalahan *ninyo* diyan, aber?”

Narinig niya ang paghalakhak nito sa kabilang linya na lalo lang niyang ikinainis. Diyata’t tuwang-tuwa pa ito sa nangyayari. O tuwang-tuwa ito sa ginagawa ng ate niya rito? Sa naisip ay tila gusto na niyang sugurin ang mga ito sa bar.

“Hector!” sigaw na niya pagkaraan dahil sa pag-ahon ng nararamdamang galit.

“Yes, Tin?” Hindi niya alam kung nagkamali lang ang pandinig niya, ngunit tila ba may halong lambing ang pagkakasambit nito sa pangalan niya. At unang beses iyon na tinawag siya nito sa palayaw niya! ‘Bubwit’ kasi ang nakasanayan niyang tawag nito sa kanya. “O, hindi ka na nagsalita diyan?” untag nito sa kanya nang ilang

sandali siyang natahimik.

“Did you just s-say my name?” Nakakainis! Bakit ba siya nabubulol? Ano naman ngayon kung tinawag siya ng gurang na ito sa pangalan niya?

Umayos ka nga, Christina! kastigo niya sa sarili.

“Well, you just called me by my name too,” tila balewala namang sagot nito.

“Ipakausap mo na nga ako kay Ate.” Pakiwari ni Christina ay nahahapo na siya sa parang ipuipong nararamdaman niya kaya gusto na niyang makausap ang kapatid.

“Busy nga siya. At bago mo pa kami pag-isipan nang masama, hindi ako ang pinagkakaabalahan ng ate mo kundi si Carlos.”

Hindi niya naintindihan ang sinabi nito at tila nahulaan naman nito iyon kaya agad nitong ipinaliwanag ang ibig nitong sabihin.

“Well, mukhang kagaya naming lahat ay wala ka ring alam sa nangyayari sa dalawang iyon. Apparently, may namamagitan pala sa kanila at ngayon lang nila nagawang magpakatotoo at umamin sa mga nararamdaman nila.”

Dapat ay malungkot siya sa nalaman dahil may crush siya kay Carlos, pero ang ikinapagtataka niya ay kung bakit tila natanggalan pa siya ng

tinik sa lalamunan sa nalamang iyon.

“O, ba’t di ka pa rin umiimik diyan? ’Wag mong sabihing apektado ka dahil wala ka nang pag-asa sa kapatid ko?” hirit ni Hector.

“Bye na nga. Pakisabi na lang kay Ate na umuwi na siya at hihintayin ko ’ika mo siya rito sa bahay.” Puputulin na sana niya ang tawag nang muling nagsalita ang binata.

“Tin?”

“Ano?” tila nauubusan na ng pasensya at nahahapong tugon niya.

“Okay ka lang ba?” Narinig niya ang concern sa boses nito at napakalma niyon nang bahagya ang naguguluhang damdamin niya.

“Okay lang ako, bakit naman hindi? At saka p’wede ba, tigilan mo nga ang pagtawag sa ’kin sa pangalan ko. Naninibago ako.”

Ito naman ang natahimik sa kabilang linya. Hindi niya natiis ang pananahimik nito. Pinapatay siya ng curiosity.

“Hector?” tawag niya rito.

“I don’t know why, but I like hearing you call my name.”

Tila may umakyat na kilabot patungo sa tuktok ng leeg ni Christina dahil sa sinabi nitong iyon. Para kasi iyong may halong lambing at hindi

siya sanay roon.

“At saka bakit ikaw tinatawag ako sa pangalan ko? Bakit pag ako hindi p’wedeng gawin iyon sa ’yo? Don’t you think that you’re being unfair, bubwit?” Bumalik na sa dating normal na tono nito ang binata sa tuwing nakikipag-usap ito sa kanya.

Baka nagkamali lang ako ng dinig kanina. Himala namang biglang maglambing sa ’kin ang gurang na ’to, pagkausap niya sa sarili.

“Okay, forget what I said,” anito pagkaraan ng ilang sandaling hindi pa rin siya umiimik. “Anyway, I’ll just tell Carlos about your problem. Bukas na niya tatawagan. Ako na rin ang bahalang magsabi kay Heath na hihintayin mo siyang makauwi. ’Bye.”

Tila nanlumo siya na puputulin na nito ang tawag, ngunit wala siyang magawa upang pigilan iyon.

Ano naman ang sasabihin niya rito? Na mag-usap pa muna sila? Bakit? Dahil gusto pa niya itong kausap? Bakit?

Kahit si Christina ay hindi kayang sagutin ang mga katanungang iyon at hindi rin niya maintindihan ang biglaang pagsulpot ng mga damdaming hindi niya kayang ipaliwanag.

“Hmm... Sige, salamat. 'Bye,” tanging naisagot niya rito at nanghihinang ibinaba ang phone. “Ano ba'ng nangyayari sa 'yo, Christina?” nahihiwagaang tanong niya sa sarili. Nakatulugan na niya ang pag-iisip ng kasagutan.